4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 7**
**Kuwarter 1: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Helengrace A. Lao, Ed.D. (Western Mindanao State University)

**Tagasuri**
- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University — Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN / KUWATER 1 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>Natutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas gamit ang tiyak at relatibong lokasyon<br>Mga Tiyak na Layunin:<br>1. Nakikilala ang globo bilang modelo/ representasyon ng mundo.<br>2. Nagagamit ang mapa bilang patag na modelo ng grapikal ng mundo.<br>3. Natatalakay ang mga espesyal na guhit sa globo. |
| **D. Nilalaman** | **Ang Heograpiya ng Pilipinas**<br>- Paggamit ng Mapa at Globo |
| **E. Integrasyon** | |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Antonio,E., Banlaygas, E. & Antonio,S. (2018). Kayamanan 4. Rex Printing Company<br>Belarde, R.,Balaoing, J., Barcelon,V., Fajardo, J., Daroni, C., Santos, Fr.S., Garcia, P., Dela Cruz, E., and Villegas, J. Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo. Binagong Edisyon 4. Rex Book Store. |

Villanueva, V. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House.

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**TUGON KO, IGUHIT MO:** Paunahan ang mga mag-aaral sa pagguhit sa loob ng kahon ng mga bagay o pook na sasabihin ng guro.Dapat sa tamang kahon maiguhit ng mag-aaral ang nasabing bagay o pook. Iguhit ang bagay o pook na sasabihin ng guro sa loob ng bituin kapag ito ay tumutukoy sa pangalawang direksiyon.<br><br><br><br>**Pangunahing Direksiyon:**<br>1. Iguhit ang mapa ng Pilipinas sa kahon na nasa Hilaga.<br>2. Iguhit ang ating pambansang prutas sa kahon na nasa Silangan.<br>3. Sumulat ng salitang Mangga sa kahon na nasa Kanlurang bahagi.<br>4. Gumuhit ng mga batang naglalaro sa palaruan sa kahon na nasa Timog na bahagi.<br>**Pangalawang Direksiyon:**<br>5. Sumulat ng letrang M sa bituin na nasa Hilagang-Kanluran na bahagi.<br>6. Sumulat ng letrang A sa bituin na nasa Hilagang-Silangan na bahagi.<br>7. Sumulat ng letrang P sa bituin na nasa Timog-Kanluran na bahagi.<br>8. Sumulat ng letrang A sa bituin na nasa Timog-Silangan na bahagi. | |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Mahalaga bang malaman ang tiyak na kinaroroonan ng isang lugar? Sa pagbibigay ng tiyak na kinaroroonan ng lugar, kailangan ay kabisado natin ang mga pangunahin at pangalawang direksiyon. Ano sa tingin ninyo ang ginagamit nating bagay sa pagtukoy ng lokasyon ng isang lugar?<br><br><br><br>**ANO DAW?:**<br><br><br>Mula sa: kodeposid.com<br><br><br>Mula sa: (1136) Pinterest<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**GLOBO** - ay isang modelo ng mundo na bilog at nagpapakita ng eksaktong hugis ng mundo. Ipinapakita rin nito ang mga kontinente, karagatan, at iba pang mga bahagi ng mundo sa kanilang tamang proporsyon at posisyon.<br><br>**MAPA -** ay patag na paglalarawan ng mundo o isang lugar. Naipapakita sa mapa ang mga kalupaan, katubigan, at hangganan ng isang lugar. | Ipaskil sa pisara ang larawan ng mga direksiyon.<br><br>Magpakita ng Globo at Mapa sa klase.<br><br>Itanong: **Ano** ang tawag sa unang larawan? Pangalawang larawan? **Ano** ang kahalagahan ng mga bagay na ito? Saan natin kadalasan ginagamit ang mga bagay na ito? Alam ba ninyo kung paano gagamitin ang dalawang bagay na ito sa pagtukoy ng lokasyon? |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Ang Globo At Mapa**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**HALINA'T TUKLASIN, MAG AMBAGAN NA!:** Ano sa tingin ninyo ang pagkakaiba ng globo sa mapa? (Magkakaroon ng pangkatang gawain sa puntong ito. Ililista ng mga mag-aaral ang sa tingin nila ay pagkakaiba ng mapa sa globo.) | Pagkatapos ng gawain, maaring ilahad ang mga sumusunod na kaisipan:<br><br>**Globo:**<br>• Ang globo ay isang modelo ng mundo na nagpapakita ng eksaktong hugis ng ating planeta. Ang hugis nito ang hindi bilog kundi ***oblate spheroid***.<br>• Ito ay nagbibigay ng tamang proporsyon ng mga kontinente at karagatan.<br>• Ginagamit ito upang makita ang mga bansa, kontinente, at mga karagatan sa kanilang tamang sukat at lokasyon.<br>• Ang globo ay nagbibigay ng mas tumpak na paglalarawan ng distansya at direksyon ng mga bansa kumpara sa mapa.<br><br>**Mapa:**<br>• Ang mapa ay isang patag na representasyon ng isang lugar.<br>• Ipinapakita nito ang iba't ibang impormasyon tulad ng mga kalsada, anyong lupa, anyong tubig, at mga hangganan. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Isulat sa patlang ang tinutukoy ng bawat pahayag.<br>____________1. Ano ang hugis ng ating mundo?<br>____________2. Ito ang ginagamit na modelo ng mundo.<br>____________3. Ito ay patag na paglalarawan ng mundo.<br>____________4. Anong mga impormasyon ang ipinapakita sa globo?<br>____________5. Anong mga impormasyon ang ipinapakita sa mapa? | • May iba't ibang uri ng mapa depende sa layunin nito, tulad ng mga mapa ng kalsada, heograpiya, politikal, at klima.<br>• Dahil patag ito, may mga distorsyon sa sukat at hugis ng mga lugar, lalo na sa malalaking rehiyon. |
| | **3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**TARA'T HANAPIN!:** Magkakaroon ng isang laro. Magpapaunahan ang mga mag-aaral sa pagtukoy sa lugar na makikita sa globo at mapa gamit ang direksyon na napag-aralan kanina. | Halimbawa sasabihin ng guro: Magbibigay ng mga lugar na makikita sa Silangang Bahagi ng mapa/globo…kanlurang bahagi… hilagang-kanluran, atbp… |
| | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Mga Espesyal Na Guhit sa Mapa at Globo**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Pagmasdan!:** Bigyan ng 2 minuto ang mga mag-aaral upang makapag-isip kung ano ang nakikita nila sa isang mapa at globo. | Sa puntong ito, bibigyang- diin ng guro na ang globo at mapa ay may mga espesyal na guhit na kung saaan ito ay mahalaga |

**Ilahad:** Ang mga sumusunod ay ang mga espesyal na guhit na makikita sa Globo at Mapa. Ang mga guhit na ito ay mga likhang-isip lamang.

- **Ekwador**- guhit na pahalang sa gitna na may 0°. Ito ay isang imahinaryong linya na naghahati sa mundo sa gitna.
- **Latitud** - ay ang isang distansyang angular na natutukoy sa pamamagitan ng dalawang parallel patungo sa hilaga o timog ng ekwador. Ito ay sinusukat sa mga antas *degrees*.
- **Longhitud-** ay ang heograpikong koordinato na tumutukoy sa posisyon ng isang lugar sa silangan o kanluran ng Prime Meridian.
- **Tropiko ng Kanser –** ang pinakahilagang latitud kung saan maaring sumikat ang araw ng diretso sa ibabaw sa tanghali.Ito ay matatagpuan sa guhit na 23 ½ o sa gawaing hilaga ng ekwador.
- **Tropiko ng Kaprikornyo**- Ito ay isang imahinaryong linya sa paligid ng Daigdig na may latitud na humigit-kumulang na 23.5° sa timog ng ekwador.
- **Prime Meridian** - ay ang imahinaryong linya na dumadaan sa Greenwich, Inglatera at naghahati sa mundo sa silangan at kanlurang hemispero.





sa pagtukoy ng lokasyon ng isang bansa.

**IKATLONG ARAW**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Karerahan Patungo Sa Mundo!:** Tutukuyin ng mga mag-aaral ang ibat-ibang espesyal na guhit sa globo at mapa. Magpapaunahan ang mga mag-aaral sa pagsulat sa pangalan ng guhit sa loob ng kahon.




**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Tumpak, Ganern!:** Ito ay isang pagsasanay sa pagtukoy sa tiyak na lokasyon ng isang bansa sa pamamagitan ng latitud at longhitud. Ipapangkat ng guro ang mga mag-aaral. Magtutulungan ang bawat isa sa pagtukoy sa latitud at longhitud ng mga sumusunod na bansa.

| BANSA | LATITUD | LONGHITUD |
|---|---|---|
| 1. Pilipinas | | |
| 2. Japan | | |
| 3. Finland | | |
| 4. Korea | | |
| 5. Germany | | |

Mahalagang magkaroon ng demonstration ang guro kung paano tukuyin ang tamang bilang ng latitud at longhitud ng isang bansa.

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**1. Pabaong Pagkatuto**

Gawing gabay ang kuwadro sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.

**Bintana ng Pag-Unawa:** Balikan muli ang mga napag-aralang konsepto tungkol sa globo at mapa. Punan ng mga kaisipan ang mga kahon.




| Kahulugan | Katangian | Kahalagahan |
|---|---|---|
| | | |




| Kahulugan | Katangian | Kahalagahan |
|---|---|---|
| | | |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

Ano ang naranasan habang ginagawa ang mga gawain sa pagkatuto lalong lalo na ang gawain sa pagtukoy ng tiyak na lokasyon ng isang lugar?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________


Ano naramdaman nang nalaman ang tungkol sa globo at mapa?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **A. Isulat sa kahon ang mga kasagutan upang mabuo ang *graphic organizer*.** | |




**B. Kompletuhin ang sumusunod na pangungusap batay sa iyong natutuhan sa araling ito.**

1. Kaya kong maibigay ang lokasyon ng isang lugar gamit ang mga ________________________________________.
2. Magagamit ko ang mga sukat ng latitud at longhitud sa ________________________________________.
3. Mahalagang makapagbigay ng tamang lokasyon ng isang lugar upang ________________________________________.
4. Ang globo ay mainam gamitin kung ________________________________________.
5. Ang mapa ay mainam gamitin kung ______________________________.

<table>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>